

Patnubay para sa

Pamumuhay ng mga Dayuhan

がいこくじんしみん せいかつ
外国人市民のための 生活ガイドブック

フィリピン語 Filipino



Abril 2017

Tanggapan ng Lungsod ng Hiroshima

へいせい ねん ねん がつ ひろしまし し しみんきょく
平成29年(2017年)4月 広島市市民局

Nilalaman

Tuloy po kayo sa Hiroshima

1 Mga Impormasyon Tungkol sa Pamumuhay

1-1	Tubig, sewerage, elektrisidad at gas	1
1-2	Post opis	2
1-3	Paraan ng pagtapon ng basura.....	2
1-4	Pagtanggal ng dumi	2
1-5	Kalusugan at kagalingan	3
1-6	Pangangalaga ng bata	4
1-7	Edukasyon	5
1-8	Tirahan	7
1-9	Buwis	8
1-10	Trabaho	9
1-11	Trapiko	10
1-12	Pamumuhay sa kapaligiran	11

2 Impormasyon sa Pang-unang Lunas at Pag-iwas sa Aksidente

2-1	Sa panahon ng sunog at biglaang pagkakasakit	12
2-2	Pang-unang lunas sa araw ng walang pasok at sa gabi	13
2-3	Sa panahon ng aksidente sa daan at krimen	14
2-4	Kalamidad	15

3 Mahahalagang Hakbang na Dapat Gawin Bilang Isang Dayuhan

3-1	Hakbang sa pagkuha ng katibayan ng rehistrasyon bilang dayuhan	17
3-2	Hakbang sa pagkuha ng bisa at iba pa	19
3-3	Insyurans sa kalusugan	22
3-4	Insyurans sa pangangalaga para sa mga matatand	23
3-5	Pensyon	24
3-6	Iba pa	25

4. Listahan ng mga Tanggapan

4-1	Tanggapan ng konsultasyon	26
4-2	Mga tanggapan at ahensiya	31
4-3	Listahan ng mga internasyonal na tanggapan sa Hiroshima	37
4-4	Transportasyon	37
4-5	Iba pa	38

5. Mga Palatandaan at Simbolo sa Araw-araw na Pamumuhay

40

Tuloy po kayo sa Hiroshima

Kayo ay nasa lungsod ng pang-internasyonal na kapayapaan at kultura ng Hiroshima

Ang aklat na ito ay patnubay para sa mga dayuhan upang makatulong sa pamumuhay habang naninirahan sa lungsod ng Hiroshima. Ang mga impormasyon tulad ng Pang-unang Lunas at pag-iwas sa aksidente at iba pang mga hakbang na kailangan gawin bilang isang dayuhan ay makikita rito. sa mga detalye magtanong po lamang sa opisina na angkop sa inyong tanong.

Para maging maayos at madali ang inyong pag-applay dito sa tanggapan ng Lungsod ng Hiroshima, hangat maaari magsama kayo ng taong marunong magsalita ng hapon.

Gayunpaman, mayroon tayong "Life Consultation Corner para sa mga Dayuhang Naninirahan sa Hiroshima Prefecture", ito ay itinatag para sa mga walang karanasan. Mayroon rin mga chat channels kung saan makikita ang mga salin sa iba't-ibang wika mula sa Wikang Hapon. Gamitin ito (makikita sa pahina27).

* Pakitingnan rin ang website ng lungsod ng Hiroshima <http://www.city.hiroshima.lg.jp/> (makikita sa pahina38)

Ang aklat na ito ay patnubay na binuo para makapagbigay ng serbisyong kaalaman sa mga dayuhang naninirahan sa Japan. Pakitunghayan na lang ang iba't-ibang detalye tungkol sa pamumuhay na nakapaloob dito.

Inaasahan namin na magkaroon kayo ng maginhawang pamumuhay sa Lungsod ng Hiroshima.

1 Mga Impormasyon tungkol sa Pamumuhay

1-1 Tubig, sewerage, elektrisidad at gas

● Tubig

Ang tanggapan ng lungsod ng Hiroshima ang magbibigay ng serbisyo ng tubig. Sa panahon na gusto ninyong magsimula ng serbisyo ng tubig at sa panahon na gusto ninyong itigil ito, kailangan ipagbigay alam sa Newly Moved Customer Consultation Center (Numero ng telepono:082-511-5959, Numero ng fax:082-228-8861) sa loob ng 3 araw.

*Maari ninyong itanong ang halaga ng inyong babayaran para sa serbisyo ng tubig sa mga opisina (makikita sa pahina 32)

Sa distrito na may malaking paagusan, karagdagang bayarin ang sisingilin bukod sa tubig na nagamit.

* Para sa mga katanungan tungkol sa mga kailangang bayaran para sa paagusan tumawag sa sangay na nangangasiwa ng paagusan sa lungsod ng Hiroshima (Numero ng Telepono: 082-241-8258)

● Elektrisidad

Sa pagpapakabit o pagsimula ng paggamit ng kuyente at sa pagpaputol ng kuryente, makiugnay lang sa Chugoku Denryoku Co., Inc.

* Para sa listahan ng mga opisina ng Chugoku Denryoku Co., Inc., (makikita sa pahina38)

● Gas

Sa pagpapakabit ng gas at sa pagpatigil ng gas, tumawag sa tanggapan ng HIROSHIMA GAS Co., Inc.. Kung nais gumamit ng propane gas, magtanong lang sa may ari ng bahay tungkol sa lugar na maaaring pagbilhan nito.

* Hiroshima gas Co., Inc.

Tingnan dito ang listahan ng mga opisina (makikita sa pahina38)

1-2 Post opis

Sa Post Opis, bukod sa koreo, ito ay nagbibigay rin ng serbisyo sa pag-iimpok, insurans, at iba pa). Kung lilipat ng tirahan, pumunta lang sa Post Opis at ipasa ang TEN-ITODOKE at ang lahat ng sulat na may address ng lumang tirahan ay makararating sa bago ninyong tirahan.

* Para sa iba pang katanungan tumawag lang sa telepono bilang 0570-046-111 mula Lunes —Biyernes mula 8:00-22:00. Sabado, Linggo at Piyesta opisyal: 9:00 - 22:00

Wikang Ingles ay maaaring gamitin.

* Ang homepage ng post opis sa Ingles ay: http://www.post.japanpost.jp/index_en.html

1-3 Paraan ng pagtapon ng basura

Ang mga nasusunog na basura, plastik na bote, plastik na maaaring i-recycle (Plastik na pambalot ng lalagyan o container) at iba pang klaseng plastik na itatapon maliban sa mga puwede pang mapakinabangang muli, at iba pang di nasusunog na basura, basurang mapanganib sa kalusugan, at malalaking basura na nanggagaling sa bahay ay pinghihiwalay sa walong klase.

* Ang paraan ng paghihiwalay ng basura ay nakasulat sa aklat [Wastong Pagtapon ng basura sa bahay](Nakasalin sa wikang Ingles, Tsina, Koreano, Espanyol at Portuges), Pagtapon ng basura Handbook [Hiroshima EIT]).

* Paghiwalayin sa walong klase at itapon sa tamang lugar at araw hanggang 8:30 ng umaga. Kung kayo'y may malaking ibabasurang gamit, mangyaring tumawag, mag-fax or makipag-ugnayan ginamit ang homepage ng lungsod ng Hiroshima upang itakda ang araw ng pick-up (may bayad ang serbisyo). Ang mga malalaking basura sa sariling tirahan ay may bayad at kailangang mag-apply sa information center sa telepono 082-544-5300, FAX 082-544-5301. Kailangang humingi ng "collection appointment" sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono 3 araw bago ang nakatakdang araw ng pangongolekta ng malaking basura sa inyong lugar. Para sa mga malaking ibabasurang gamit, makipag-ugnayan sa pamamagitan ng homepage (<http://www.city.hiroshima.lg.jp>) hindi kumulang sa limang araw bago ang araw ng koleksiyon (tatlong araw, limang araw at hindi kasama sa pagbibilang ang mga araw ng pahinga o pista opisyal).

* Kung nais ipakolekta ang basura magtanong lamang sa tanggapan ng nanga ngasiwa ng kapaligiran (makikita sa pahina 33).

1-4 Pagtanggap ng Dumii

Para sa mga bahay na may inidoro na hindi nakakabit sa paagusan (drainage) o pozo negro, kinakailangan ang pagbomba sa pagtanggap ng dumii. Sumangguni sa kaukulang opisina sa inyong lugar para simulan o tapusin ang nasabing pagbobomba, o kung mayroong pagbabago sa bilang ng mga taong gumagamit ng inidoro, atbp. Alamin ang halaga ng ganitong pagtanggap ng dumii sa nasabing opisina.

Para sa lugar ng pagbombang dumii sa Naka Ward, Higashi Ward (maliban sa Fukuda, Umaki, Nukushina, Kami Nukushima) Minami Ward, Nishi Ward, Asaminami Ward, Asakita Ward, Saeki Ward, sumangguni sa:

Dibisyon ng Kapaligiran

Kagawaran ng Kapaligiran

Urban Development Public Corporation

Tel 082-244-7791

Para sa lugar ng pagbomba ng dumii sa Higashi Ward (Fukuda, Umaki, Nukushina, Kami-Nukushima) at Aki Ward:

Management Office

Facilities Management Union ng Distrito ng Aki

Tel. 082-885-2534

1-5 Kalusugan at kagalingan

1-5-1 Ospital at klinika

Kung magkasakit o magkasugat, pumunta lamang sa ospital o klinika at sabihin ang inyong karamdaman. Dalhin ninyo ang Health Insurance Card at pera. Sa ospital o klinika hindi maiintindihan ang mga dayuhang wika kaya kailangang magsama ng taong marunong magsalita ng hapon.

Tandaan lamang na ang klasipikasyon ng emergency na pasyente ay iba't-iba sa bawat hospital o klinika. Sa oras na hindi bukas ang hospital o klinika, at sa gabi, pumunta lamang sa pinakamalapit na emergency hospital (makikita sa pahina 13).

1-5-2 Tanggapan ng Welfare o Health Center (Ward office Welfare Division, makikita sa pahina 32)

Para magkaroon ng mabisang paglilingkod sa kalusugan o welfare serbis, ang ward office ay nakikipag-ugnayan sa health center na nagbibigay patnubay at payo tungkol sa kalusugan ng buntis at sumusulong bata, mga kabataan, matatanda at sa mga may kapansanan sa pag-iisip. Ang Welfare Office naman ang nangangasiwa sa mga may may kapansanan sa katawan, problema sa pamumuhay, pamilya, tahanan at iba pa.

Ang seksyon ng Public Welfare Section ay nahahati sa tatlong opisina Life Section, Health and Longevity Section at Hygienic Welfare Section. Ang mga serbisyong kanilang ibinibigay ay ang mga sumusunod.

Nangangasiwa	Mga tinatalakay sa konsultasyon	
Life Section	Mga may problema sa pang-araw-araw na pamumuhay	Welfare at iba pang mga bagay ukol ditto
Health and Longevity Section	Konsultasyon sa Medical Care ng mga matatanda at Welfare	Healthcare para sa mga senior citizens, pagpasok sa tahanan na para sa mga matatanda, pagpigil sa pang-aabuso sa mga matatanda at iba pa
	Konsultasyon tungkol sa kalusugan at medical exam ng mga matatanda	Konsultasyon sa kalusugan para high blood pressure, sobrang katabaan o obesity, iba pa.; Pagkonsulta sa ngipin; pagsusuri sa AIDS at konsultasyon; Pagsusuri para sa tuberculosis, cancer, iba pa.
	Konsultasyon sa bakuna	Bakuna para sa mga bata, bakuna laban sa trangkaso para sa mga may edad, atbp.
	Konsultasyon tungkol sa nursing care insurance	Mga pamantayan upang makatanggap ng nursing care, premiums na dapat bayaran at iba pa
Hygiene Welfare Section	Konsultasyon sa pangangalaga ng mga kabataan	Pagpasok sa nursery school atbp, tulong sa gastos medikal ng sanggol at iba pa, sustento para sa mga mga bata, suporta sa magulang sa pagpapalaki ng kanilang anak at iba pa)
	Konsultasyon para sa mga single parent	Tulong sa gastos medikal ng single parent, allowance sa pagpapalaki ng anak,, at iba pa
	Konsultasyon para sa mga taong may kapansanan sa isip at katawan	Booklet na nagsasaad ng pagkakakilanlan ng may kapansanan, tulong sa gastos medical ng mga may mabibigat na kapansanan sa isip at katawan, daanan sa mga pasilidad, paraan ng pagtrato, at iba pa
	Konsultasyon para sa buntis, sanggol at pangangalaga ng sanggol	Maternity passbook, pagsusuri sa kalusugan ng sanggol, paaralan para sa sanggol at iba pa
	Konsultasyon para sa pangangalaga ng may kapansanan sa isip	Certificate na nagsasaad ng pagkakakilanlan ng may kapansanan sa pag-iisip,tulong medikal para sa pag-aalaga sa may kapansanan sa isip na may kakayahang makagalaw na mag-isa (gabay o pagdalaw sa lugar ng may kapansanan

1-5-3 Community General Support Center(makikita sa pahina35)

Ang Community General Support Center, ay nagsisilbing “tanggapan sa lahat ng konsultasyon” para sa mga taong may edad sa lokal na komunidad, kaugnay ng mga dalubhasa tulad ng Health Visitor, Certified Social Worker, Chief Care Manager, at iba pa. Tumatanggap ng iba’t-ibang konsultasyon ukol sa nursing, health, welfare, at iba pa, upang mabigyan ng pagkakataong mamuhay ng ligtas at komportable ang mga mamamayang may edad sa lugar na kung saan sila nakatira ng mahabang panahon (makikita sa pahina35).

1-6 Pangangalaga ng bata

1-6-1 Pagbubuntis, pananganak

Kung magbuntis, magtungo sa tanggapan ng Public Welfare/Hygiene Welfare Section (makikita sa pahina32) at kayo ay bibigyan ng Maternity Passbook. (May mga kopya sa wikang Ingles, Intsik, Tagalog, Thai, North/South Korean, Portuges, Espanol, at Indones at Vietnam

Ang Maternity Passbook ay nagsisilbing record ng kalagayan ng ina at sanggol sa kanyang sinapupunan, tiket sa filing ng mga pagsusuri sa kalusugan at tiket upang makatanggap ng bakuna.)

Ang sanggol na pinapasuso ay maaring tumanggap ng pagsusuri o general health check-up hanggang sa araw bago ang unang kaarawan nito at maaring tumanggap ng pagsusuri sa kalusugan ang mga sanggol na nasa ikaapat na buwan, health check-up para sa batang nasa isang taon at anim na buwan at batang nasa ika tatlong taong gulang. Ang nakatakdang oras na para sa pagsusuri ng kalusugan ng mga apat na buwang gulang na sanggol, mga batang isang taon at anim na buwan gulang, at mga batang tatlong taong gulang ay ipinagbibigay-alam ng munisipyo.

Pinansiyal na tulong para sa mga gastusing medikal ay maibibigay sa mga batang di pa nag-aaral (0-6 na taong gulang) at sa mga batang nasa una at pangalawang baitang ng elementarya na may mga kapansanan (na tinutukoy sa batas ng suporta para sa mga taong may kapansanan ng pangkaisipan at mga batang may kapansanan.)

Makakatanggap ng pinansyal na tulong para sa gastusing medikal ng bata mula ikatatlong baitang ng haiskul hanggang Marso 31 ng susunod na taon na kaarawan ng bata subalit ito ay depende sa kita. (Pinansyal na tulong kung maospital at pagkonsulta sa ospital mula sa ikatatlong baitang ng haiskul at kabataan hanggang ikatlong baitang ng elementarya)

Dagdag pa rito, makatatanggap ng sustento para sa pagtaguyod ng bata mula sa edad 0 hanggang sa maging ikatlong baitang ng junior high school, at ang sustentong ito ay matatanggap hanggang sa ika-31 ng Marso pagtapos ng pagsapit ng 15 taong gulang ng nasabing bata. (makikita sa pahina 25) Dahil parehong may limitasyon sa halaga ang mga suportang ito, magtanong sa Health and Welfare Division of the Welfare Department ng Ward Office na malapit sa inyong tirahan.(makikita sa pahina32)

* Maaring mabago ang mga nilalaman nang walang abiso.

1-6-2 Nursery School at iba pa

Kapag ang magulang ay di kayang alagaan sa araw ang kanyang anak sa loob ng kanilang tahanan dahil sa trabaho, sakit o iba pang dahilan, ito ang lugar kung saan ang mga bata ay mapaaalagaan. Mga bata mula edad 0 hanggang elementarya ay maaaring pumasok dito. Ang halaga ng bayad ay ibinabase sa halaga ng municipal residence tax at iba pa ng pamilya ng bata.

Sa pasilidad na ito, mayroong mga sumusunod na pasilidad.

- Nursery School

- Nintei Kodomo-en o Center for Early Childhood Education and Care (Pasilidad na nagsisilbi bilang kindergarten at bilang nursery school.)

- Small-scale Childcare Services (Maliit ang saklaw at para sa mga batang 0 taong gulang hanggang 2 taong gulang.)

Bilang patakaran, kung ninanais na ipasok sa nursery school ang bata, maaari po lamang na ibigay ang aplikasyon ng mas maaga sa ika-10 araw ng buwan na nauna sa buwang nais ipasok ang bata. (Liban sa kung nais ipasook ang bata sa Abril)

Kung nais magtanong tungkol sa proseso ng aplikasyon at ang mga bayarin sa pagpasok ng bata sa nursery school, magtanong lamang sa dibisyon ng Public Welfare Section Hygienic Welfare Section ng ward (makikita sa pahina 32) na kinabibilangan ng nursery school at iba pa kung saan ninyo nais ipasok ang bata.

1-6-3 Pre-skul

Ang paaralang ito ay para sa mga bata bago pumasok sa elementarya. Mayroong pre-skul na pinangangasiwaan ng munisipyo at mayroon ding pribado.

Sa pre-skul na pinangangasiwaan ng munisipyo, mga bata na may edad apat at lima ang makakapag-aral (sa tatlong pre-skul ng Motomachi, Ochiai at Funakoshi, maging ang tatlong taong gulang na bata ay tinatanggap). Ang pagpapatala/aplikasyon para sa mga bata na may edad tatlo at apat na taon ay ginagawa bago magsimula ang pasukan tuwing Nobyembre.

Ang mga pre-skul na may bakante ay tumatanggap ng mga batang nais pumasok kahit kailan.

Para sa mga katanungan tungkol sa munisipal na kindergarten, tumawag sa Board of Education Section Guidance First Division (Tel.: 082-504-2784).

Bilang karagdagan, ang mga malalaking pribadong pre-skul ay tumatanggap ng bata na may edad mula tatlong taon hanggang limang taon. Para sa mga nais na makapasok ang kanilang mga anak dito direktang makipag-ugnayan sa nasabing paaralan.

1-6-4 Samahan para sa mga Bata Pagkatapos ng Klase sa Paaralan

Ito ay isang lugar kung saan maaring paalagaan ang inyong anak. Ito ay para sa mga magulang na hindi maaalagaan ang kanilang mga anak dahil sila ay may trabaho. Maaring paalagaan ang inyong anak dito mula sa kanilang paglabas sa paaralan hanggang alas-5 ng hapon. Tungkol sa kondisyon at iba pa sa paggamit nito, magtanong mismo sa nais gamiting samahan para sa mga Bata Pagkatapos ng Klase sa Paaralan.

1-7 Edukasyon

1-7-1 Sistema ng edukasyon sa Hapon

Ang sistemang sa edukasyon ng Hapon ay dapat makapag-aral ang lahat ng siyam na taon (9 year-obligatory education) na binubuo ng: mula anim hanggang labindalawang taong gulang- anim na taong pag-aaral sa elementarya, at labindalawa hanggang labinlimang taong gulang- tatlong taong pag-aaral sa junior high school, kabuuang 9 na taong pag-aaral.

Sa mga nais pang magpatuloy sa pag-aaral, matapos makapasa sa mga kailangang pagsusulit, tatlong taon sa senior high school, apat na taon sa unibersidad/kolehiyo (dalawang taon sa ibang unibersidad) at iba pa.)

Ang lahat ng paaralan at lahat ng grade level ay pasukan ay nagsisimula tuwing Abril at nagtatapos tuwing Marso ng susunod na taon. Ang mga uri ng paaralan ay Nasyonal, Pampubliko (Pambansa, Prepektural o Munisipal) at Pribadong paaralan.

1-7-2 Elementarya, Junior High School, Natatanging Pang-suportang Eskewalahan

Kung nais makapasok sa paaralang elementarya o Junior High School na Munisipal, magtanong lamang sa Citizen's Section o Board of Education Section ng Ward Office (makikitasa pahina 31) na malapit sa inyong lugar (Tel.: 082-504-2469).

Para sa impormasyon ukol sa pagpasok sa mga special needs schools, tawagan ang Special Needs Education Office ng Board of Education (Tel.: 082-504-2197).

Bagamat hindi kailangan ang abilidad sa Nihongo upang makapasok sa paaralang elementarya o Junior High School, Natatanging Pang-suportang Eskewalahan na Munisipal, ang pagpili ng paaralan ay base sa kung saan malapit ang tirahan.

Ang mga klase sa paaralang elementarya at Junior High School, Natatanging Pang-suportang Eskewalahan ay sa wikang Nihongo. Bagamat di kailangang magbayad ng tuition fee, ang mga gastos sa pagkain para sa tanghalian at mga gamit sa pag-aaral ay dapat bayaran.

Ang Munisipyo ay nagbibigay ng suportang pinansyal sa pamilyang nahihirapan sa pagtataguyod ng pag-aaral ng kanilang mga anak. Maaaring magtanong tungkol sa suportang pinansyal na ito sa papasukang paaralan ng inyong anak o sa Board of Education Section.

1-7-3 High School

Higit sa 98% ng estudyanteng Hapon ay nagpapatuloy ng kanilang pag-aaral sa Senior High Schools.

Kelangang pumasa sa isang eksaminasyon bago makapasok sa high school. Meron ding mga high school na tumatanggap ng mga estudyante base sa espesyal na rekomendasyon. (Halimbawa, kahit hindi nakatapos sa Junior High School, kung malaman base sa isang pagsiyasat na ang talino ng bata ay katumbas ng talino ng mga batang nakatapos sa Junior High School, maaaring tanggapin pa rin ang bata upang kumuha ng entrance eksam ng high school.)

Ang mga high school ay natatangi (pang-bansa, pang-probinsya, pang-syudad) o pribado, at ang nilalaman ng curriculum ay natatangi sa regular o espesyal na kurso (Engineering, Manufacturing, Agriculture, atbp.), general na kurso, o di kaya mga kursong natatangi depende sa oras (full time, part time [pang-umaga o pang-hapon], o sa pamamagitan ng sulat at koreo (correspondence course).

Ang Hiroshima International School at ang Hiroshima Korean school ay mayroon ding mga high school classes.

Para sa impormasyon ukol sa Municipal Senior High Schools, tawagan ang Teacher Supervisory Division II ng Board of Education (Tel.: 082-504-2704).

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa iba pang Municipal High Schools, tawagan ang sumusunod na mga lugar.

- * Pambansang Paaralan Hiroshima University High School
Tel.: 082-251-0192
- * Pang-probinsyang Paaralan Guidance Division ng High School Komisyon ng
Edukasyon ng Hiroshima
Tel.: 082-513-4992
- * Pribadong Paaralan Kagawarang Pangkalahatan ng mga Pribadong
Paaralan ng Hiroshima-ken
Tel.: 082-241-2805

1-7-4 Junior College at Kolehiyo

Upang makapasok sa mga Junior College o Kolehiyo, kinakailangang nakapagtapos sa high school ang bata, at makapasa ng entrance exam.

(Kung sakaling hindi naman nakapagtapos ng pag-aral sa isang Junior High School o high school sa Japan, maaari pa ring kumuha ng entrance exam ang bata kung napagpasyahan na ang kanyang kaalaman ay katumbas sa mga nakapagtapos ditto sa Japan.)

Kung ninanais na makapasok sa isang paaralan, maaari lamang ay magtanong mismo sa paaralan na ito.

1-7-5 Mga paaralan para sa mga dayuhan o foreigners

Sa siyudad ng Hiroshima, may mga paaralan para sa mga dayuhan o foreigners tulad ng Hiroshima International School na nagsasagawa ng mga klase sa wikang Ingles, at ang Hiroshima Korean School na nagsasagawa naman ng klase sa wika ng North/SouthKorea.

Ang mga paaralan para sa mga dayuhan ay nasasakop sa kategorya ng Miscellaneous Schools. Ang mga paaralan para sa mga dayuhan sa Hiroshima ay nagdudulot ng curriculum na katumbas sa Japanese Kindergarten, Elementary, Junior at Senior High School curriculum at ang mga mag-aaral na nagtatapos mula sa mga kurso sa Senior High School level ay maaring magpatuloy ng kanilang pag-aaral sa mga Japanese College o University. Para sa impormasyon, tawagan ng direkta ang bawat paaralan.

- * Hiroshima International School Tel.: 082-843-4111
- * Hiroshima Korean School Tel.: 082-261-0028

1-7-6 Kung ninanais na mag-aral ng wikang Hapon

Kung ninanais na mag-aral ng Wikang Hapon, maraming mga lugar na puwedeng puntahan maliban sa mga paaralan ng wikang Hapon, katulad ng mga klaseng wikang Hapon na tinatanghal ng mga grupong pang-internasyonal na balikatan, o sa mga sentrong pang-komunidad ng lugar ninyo.

Kinakailangang magbayad sa pag-aral sa paaralan ng wikang Hapon, pero kung kayo ay makikinabang sa mga klase ng wikang Hapon ng sentro, o sumali sa mga maliliit na tutorial, mura lang ang bayarin, o minsan pa ay libre ang pag-aral. homepage (<http://www.pcf.city.hiroshima.jp/ircd/Japanese/index.html>) ng Hiroshima peaceful, cultural, central international exchange at seksyon ng korporasyon, makikita ninyo ang "Listahan ng mga Klase para sa Wikang Hapon". Tawagan ang nakasaad na numero kung nais ninyong pumasok sa klaseng ito.

Kaagad makipag-ugnayan kung ninanais ninyong pumasok sa isang Japanese Language School.

1-8 Tirahan

1-8-1 Sa mga naghahanap ng tirahan

Sa paghahanap ng matitirahan, karaniwan ang pakikipag-ugnayan sa isang Real Estate Agent. Sa mga dayuhang estudyante na nasa unibersidad, ang paaralan ay nagbibigay rin ng mga impormasyon tungkol dito.

Tungkol sa pag-upa ng bahay, Karaniwan ay kailangang pumirma sa kontrata ang HOSHONIN o Guarantor. Karaniwang kasama sa kontrata ang REI KIN (Key Money) at SHIKI KIN (deposito sa pag-upa) na siyang ipinatutupad na sistema dito. Para sa mga detalye, magtanong lamang sa Real Estate Agent o sa inyong unibersidad.

1-8-2 Pampublikong paupahang bahay

● Munisipal na pabahay

Ang mga residente na nakapagpatala na naninirahan o nagtatrabaho sa siyudad ng Hiroshima, matapos makumpleto ang mga kailangang dokumento na magpapatunay sa bilang ng mga kasambahay, halaga ng kita at iba pa, ay maaaring mag-aplay para sa Munisipal na Pabahay.

Tinatanggap ang mga aplikasyon (apat na beses sa isang taon, tuwing Pebrero, Mayo, Agosto at Nobyembre) matapos makipag-ugnayan at magbigay ng papeles sa Building Division ng bawat ward office (sumangguni sa pahina 31) kung saan nakakatanggap ng resibo.

● Ispesyal at may Mataas na Uri ng Paupahang Bahay

Depende sa suweldo, ang bahagi ng renta ay maaaring ipagkaloob ng munisipalidad, ang paupahang bahay na ito ay para sa mamamayan na may katamtamang sahod (middle income bracket).

Para sa detalye ng pag-aaplay at kwalipikasyon upang makaupa, makipag-ugnayan sa mga sumusunod na tagapamahala sa pabahay.

① Smile House

* (Foundation) Hiroshima City Maintenance Public Corporation Housing Management Division Tagapamahala ng Sumairu House

Tel.: 082-244-0937 Fax: 082-242-1324

<http://www.hts.city.hiroshima.jp/tokuchin/>

② Midorii Sky Stage

* Hiroshima Prefecture Housing Supply Corporation na namamahala ng mga paupahang bahay

Tel. 082-248-2272 Fax: 082-243-6721

<http://www.jkk-hiroshima.or.jp>

- Mataas na Uri ng Paupahang Bahay para sa Senior Citizens sa Old Act on Securement of Stable Supply of Elderly Persons' Housing
Mayroon itong hawakan o handrail na nakakabit sa serbisyo para emergency call, toilet at paliguan (ofuro), ito ay paupahang bahay para sa mga senior citizens upang makapamuhay ng maayos. Ang munisipalidad ay nagkakaloob ng bahagi ng renta para sa mga mamamayan na may mababang sahod (low-income bracket). Para sa detalye ng pag-aaplay at kwalipikasyon upang makaupa, makipag-ugnayan sa mga sumusunod na tagapamahala sa pabahay.

① Midorii Sky Stage

* Hiroshima Prefecture Housing Supply Corporation na namamahala ng mga paupahang bahay
Tel.: 082-248-2272 Fax: 082-243-6721
<http://www.jkk-hiroshima.or.jp/>

1-8-3 Pribadong Paupahang Bahay Serbisyong Sumusuporta Para sa mga Naninirahang Dayuhan

- Angpamahalaan ng prepektura ng Hiroshima ay sumusuporta sa mga nahihirapang mamamayang na nangangailangan ng pabahay

Ang pamahalaan ng prepektura ng Hiroshima ay nagbibigay ng tulong sa mga mamamayang nangangailangan ng pabaha ,kasama na ditto ang Mga dayuhang mamamayn na may ganitong pangangailangan.

Sa mga kartanungan kumontak sa opisina ng nakasulat sa ibaba

*Hiroshima Prefectural Government Housing Division Housing Planning Group
TEL: 082-513-4164
FAX : 082-223-3551
<http://www.pref.hiroshima.lg.jp/soshiki/108/1299735819747.html>

- Prpyekto para sa ikauunlad ng praktikal na paggamit ng pribadong Pabahay

Ang layunin para sa ikabubuti ng paggamit ng bakanteng paupahang bahay na nangangailanga. Ang pamahalaan ay nagbibigay ng suportang pinanasyal sa mga bagay na inayos. May mga dapat sundin na mga patakaran ang nangangailangan ng pabahay upang makaupa.

Sa mga katanungan kumontak sa opisina ng nakasulat sa ibaba

*Project Promotion Office for the sa ikauunlad ng praktikal na paggamit ng pribadong pabahay

TEL: 03-6214-5690 FAX: 03-6214-5899
<http://www.minkan-safety-net.jp/index.html>

1-9 Buwis

1-9-1 Buwis sa bansang Hapon

Sa bansang Hapon ang buwis ay ipinapataw ng pamahalaan bilang National Tax at Local Tax (sa prepektural at sa lungsod). Mayroong iba't ibang uri ng buwis tulad ng national tax, income tax, corporate tax, inheritance tax, consumers' tax at iba pa.) Ang Local Tax sa prepektural at lungsod ay ipinapataw bilang prefectural tax, car tax, local consumption tax at iba pa, habang ang Local Tax sa munisipalidad ay ipinapataw bilang citizen's tax, real estate tax, light vehicle tax at iba pa.)

1-9-2 'Municipal residence tax at Prefectural residence tax ng bawat indibidwal (Residence tax)

Ang klase ng Local Tax na ipinapataw sa mga indibidwal na naninirahan sa lungsod ng Hiroshima ay ang municipal residence tax at ang prefectural residence tax. Ang dalawang uri ng buwis na ito ay magkasamang pinapataw at kinokolekta. Ang mga ito (JŪMINZEI o residence tax ang tawag sa pinagsamang municipal residence tax at prefectural residence tax) ay base sa Uniform Tax Assessment o KINTOWARI, at sa Income Rate o SHOTOKUWARI nakabase ang buwis na ipinapataw sa halaga ng kita ng isang indibidwal sa nakaraang taon.

Bukod dito ,ang mga residente na galing na may kontrata na napapailalim sa Income Tax Convention o mag-aaral ng vocational ay maaaring hindi mapatawan ng income tax o ng residence tax.Dapat mag-ingat na maaaring mapatawan ng residence tax sa pag-aaply ng exemption sa income tax

Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa tanggapan ng buwis (Taxation Division) ng lungsod (sumangguni sa pahina 31).

1-10 Trabaho

Para sa mga nais magtrabaho o sa mga may problema sa empleyo o kondisyon sa trabaho, makipag-ugnayan lamang sa mga sumusunod na opisina:

- Konsultasyon sa trabaho at paghahanap ng trabaho
(Korner para sa serbisyong pagbibigay ng trabaho sa mga dayuhan sa Hiroshima)
(Hello sa Trabaho sa Hiroshima) (makikita sa pahina29)

(Tel.: 082-227-1644)

May interpreter : 10:00~16:00

Espanyol, Portuges (Tuwing Lunes, Miyerkules, at Huwebes)

Intsik (Lunes, Huwebes, at Biyernes)

Ingles (Martes, Miyerkules)

※ Employment agency (Hello work) na makikita sa lungsod bukod sa employment agency ng Hiroshima

Hellow work ng Hiroshima Higashi Tel.: 082-264-8609

May interpreter : Tuwing Lunes at Miyerkules 9:00~16:00

Espanyol, Portuges

Hellow work ng Kabe

Tel.: 082-815-8609

- Konsultasyon sa problema sa trabaho at iba pa
Korner para sa konsultasyon ukol sa labor conditions ng dayuhang manggagawa (Hiroshima Labor Agency Section) (makikita sa pahina29)

(Tel.: 082-221-9242)

Oras ng pagbubukas ng tanggapan: 9:00~12:00 13:00~17:00

Interpreter: Portuges, Espanyol (tuwing Martes at Biyernes)

Intsik (tuwing Biyernes)

1-11 Trapiko

1-11-1 Mga batas trapiko

Sa bansang Hapon, ang mga kotse, motorsiklo at bisikleta ay sa kaliwang linya ng kalsada tumatakbo at ang mga naglalakad ay sa kanan. Binibigyan ng prayoridad sa daan ang mga tumatawid ng kalsada.

Mahigpit na ipinatutupad ang paggamit ng seat belt sa lahat ng upuan, tulad ng driver's seat at assistant driver's seat, ang paggamit ng child's seat sa mga batang wala pang anim na taon, at ang paggamit ng helmet kung sasakay sa motorsiklo.

Ang paggamit ng cell phone habang nagmamaneho, at pagmamaneho ng isang nakainom ay ipinagbabawal. Pinapatawan at pinagbabayad ng multa ang bawat mahuling nagmamaneho na nakainom.

1-11-2 Batas na nagbabawal sa pag-iwan ng bisikleta sa maling lugar

Iparada ang bisikleta at motorsiklo sa paradahan na itinakda para sa mga ito. Ang pag-iwan sa mga ito sa daan ay di lamang makasasagabal sa mga naglalakad kundi maaari rin itong maging sanhi ng aksidente sa mga naglalakad at sa trapiko. Sa Lungsod ng Hiroshima, sa Kamiyacho, Hachoborishuhen maging sa labas ng istasyon ng JR Hiroshima at sa paligid nglima na istasyon nito, ay makikita ang karatula (larawan ay nasa kanan) na nagbabawal sa pag-iwan ng bisikleta o motorsiklo. Ang mga bisikleta at motorsiklo na iniwan sa mga lugar kung saan ito pinagbabawal ay agad tatanggalin sa mga lugar na ito. Ang makitang mga iniwang bisikleta at motorsiklo ay kinukumpiska at ito ay inilalagay sa nakatalagang tambakan ng mga ito.



[Pagbawi ng nakumpiskang bisikleta at gentski]

* Lugar ng pagsasauli: Hiroshima City West Bicycle Maintenance Office
Tel.: 082-277-7916

* Oras ng Pagbawi: Araw-araw 10:30~19:00 (liban sa mga holidays, at 29 ng Disyembre~3 ng Enero)

* Multa: Bisikleta 2,160 yen, gentsuki (<50CC) 4,320 yen, motorsiklo 5,400 yen

* Kailangan: susi, ID (lisensya, school ID, Health Insurance Card o iba pang makapagpapatunay ng pagkakakilanlan)

Ang pagbawi ay limitado lamang hanggang isang buwan. Ang mga di nabawing sasakyan ay itatapon na ng munisipyo.

1-11-3 Pampublikong transportasyon

Ang mga pampublikong transportasyon sa lungsod ng Hiroshima ay binubuo ng mga linya ng tren: JR (Sanyohonsen, Kuresen, Kabesen, Geibisen), Hiroshima Dentetsu (Shinaisen, Miyajimasen), Astram Line, at labindalawang (12) kompanya ng bus (Hiroshima Dentetsu, Hiroshima Bus, Hiroshima Kotsu, Chugoku JR Bus, Geyo Bus, Hikita Kotsu, HD Nishi Hiroshima, Dailchi Taxi, Hiroko Kanko, Angel Cab, Sasaki Tour, Sogo Kikaku (General Planning) Corporation) na nagpapatatko ng ruta ng bus na may una at huling estasyon sa loob ng lungsod.

Ang pamasaha sa JR at Astram Line ay sa pamamagitan ng tiket na nabibili sa automatic ticket vending machine. Ang tiket ay ipinapasok sa automatic inspection machine bago sumakay ng tren. Sa pagbaba ng tren, ang tiket ay muling ipinapasok sa inspection machine upang makalabas sa istasyon.

Sa pagsakay ng bus, kunin ang tiket na may numero na lumalabas sa automatic machine. Sa loob ng bus ay makikita ang paskil ng numero at kung magkano ang pamasaha. Sa pagbaba ng bus, ilagay lamang sa kahon ng pamasaha ang halagang dapat ibayad. Kung sasakay naman sa Hiroshima Dentetsu, pareho lang ang pamasaha sa buong biyahe kaya di na kailangan kumuha ng tiket.

Bukod pa rito, dahil ang ibinebentang IC card "PAPSY" ay maaring gamitin sa Hiroshima Electric Railway (city-line, Miyajima-line), Astram Line, at sa mga bus (maliban sa isang bahagi ng kumpanya) at ang IC Card "ICOCA" ay ibinebenta sa JR, mas madaling gamitin ito.

Para sa mga detalye, magtanong lamang sa malapit na ahensya ng transportasyon (makikita sa pahina 37) sa inyong lugar.

1-12 Pamumuhay sa kapaligiran

1-12-1 Pakikipagkilala sa mga kapitbahay

Sa bansang Hapon, kapag may nangyari may kasabihan na mas makakatulong ang kapitbahay mo kaysa sa kamag-anak na nasa malayong lugar. Sa pamamalengke, paraan ng pagtapon ng basura, at iba pang paraan na maaaring makapagpalitan ng impormasyon, sa panahon ng pagkakasakit ng anak, kalamidad, at napakarami pang ibang kapaki-pakinabang na bagay, dapat lamang na sikapin ang pagbuo ng magandang relasyon sa mga kapitbahay.

1-12-2 Etiquette o nararapat na kilos o pag-uugali sa araw-araw na kabuhayan

Kailangang panatiliin natin ang sumusunod na alituntunin o patakaran ukol sa wastong pakilos o pag-uugali, upang maging maayos at maginhawa ang araw-araw na pamumuhay sa ating mga komunidad.

- **Araw-araw na ingay**

Tandaan po natin na kapag nakatira tayo sa mga housing complex o apartments, maaring marinig ng ating kapitbahay ang anumang ingay sa loob ng ating bahay o apartment.

Kaya iwasang gumawa ng malakas na pag-iingay, lalung-lalo na sa late night o sa early morning, dahil maaring makaistorbong ingay sa mga kapitbahay.

(Halimbawa, siguruhing nasa tamang lakas ang volume ng telebisyon, radyo, mga kasangkapan tulad ng vacuum cleaners, washing machines, pag-ingay galing sa shower/banyo, iwasan ang malakas na boses habang nakikipag-usap, malakas na pagbukas at pagsara ng pinto, iba pa)

- **Paggamit ng common areas sa mga multi-dwelling housing**

Ang mga hallways at hagdanan ay tinuturing na common areas. Huwag iwanan ang sariling gamit sa mga lugar na ito, dahil ang lugar na ito ay maaring gamitin sa oras ng evacuation sa kaso ng paglindol o sunog.

1-12-3 Samahan ng mga residente, asosasyon ng mga residente

Upang magtulungan at maging malapit sa isa't isa ang mga magkakapitbahay, ang mga samahan o asosasyon ng mga residente ay itinatatag. Ang pagsali ay di sapilitan, subalit ang pakikiisa at pagsali sa mga ito ay may malaking maitutulong sa pamumuhay tulad ng madaling pagsagap ng mahahalagang impormasyon sa kapaligiran at maraming mahihingan ng tulong sa oras ng kalamidad o aksidente.

1-12-4 Kung nais mag-aral ng wikang Hapon, kulturang Hapon at iba pa

Mayroong 71 pampublikong bulwagan (kouminkan). Dito maaring makapag-aral ng wikang Hapon, kulturang Hapon at iba pa sa mababanghalaga (may pagkakataon din na libre.)

Makipag-ugnayan sa pinakamalapit na pampublikong bulwagan (kouminkan), Citizen Lifelong Study Section (Tel.: 082-504-2495) o kaya sa The Hiroshima City Culture Foundation. Community and Town Network Department, Management Division (Tel.: 082-541-5335).

Sa homepage na <http://www.pcf.city.hiroshima.jp/ircd/Japanese/index.html> ng Hiroshima peaceful, cultural, central international exchange at seksyon ng korporasyon, makikita ninyo ang "Listahan ng mga Klase para sa Wikang Hapon". Tawagan ang nakasaad na numero kung nais ninyong pumasok sa klaseng ito.

Kaagad makipag-ugnayan kung ninanais ninyong pumasok sa isang Japanese Language School.

2 Impormasyon sa Pang-unang Lunas at Pag-iwas sa Aksidente

2-1 Sa panahon ng sunog at biglaang pagkakasakit

2-1-1 Sa panahon ng sunog

Kapag magkasunog, hindi lamang makasira sa inyong sarili kundi maaring magbigay ng malaking pinsala sa mga kapitbahay ninyo kaya mag-ingat ng wasto sa paggamit ng apoy.

Sa oras na nagkasunog, kailangang sumigaw ng malakas sa mga malapit na bahay/kapitbahay na may sunog kasabay tawag sa 119.

2-1-2 Sa panahon ng biglaang pagkakasakit

Sa panahon ng biglaang pagkakasakit at sa panahon ng pagkaroon ng malaking sugat na nangangailangan nang pang-unang lunas pakitawag sa 119 para sa ambulansya. Subalit hindi kinakailangan gumamit ng Ambulansya kapag ang kondisyon ng sakit at sugat ay maliit lamang at kapag kaya ng sarili o pamilya ang pagpunta sa ospital o klinika.

2-1-3 Pagtawag sa 119 para sa panahon ng sunog ,pang-unang lunas at tulong

Ipaalam ang mga sumusunod sa pagtawag sa 119.

- ① Iyan ba ay sunog o nangangailangan ba nang pang-unang lunas o tulong
- ② Sabihing mabuti ang inyong lugar at mga palatandaan
- ③ Ang pangalan at telepono

* Para sa mga konsultasyon/tawag tungkol sa kalamidad (tulad ng lindol, bagyo at iba pang kalamidad) at pag-iwas ng aksidente komunsulta lamang sa Fire Department (Keibou Ka) sa inyong distrito (makikita sa pahina 33) at sa Community Revitalization Division ng inyong Ward office (Kusei shinkou Ka) (makikita sa pahina 31)

* Para sa konsultasyon/tawag tungkol sa sunog, pang-unang lunas at tulong:
Tel.: 082-246-0119 (awtomatikong sasagot)

2-2 Pang-unang lunas sa araw ng walang pasok at sa gabi

Ang mga sumusunod ay talaan ng pinakamalapit ninyong Ahensyang Medikal

(Ang oras ay oras ng konsultasyon)

Dibisyon	Tanghali	Gabi
Lunes~ Biyernes	<ul style="list-style-type: none"> Ang inyong family doctor (Ang family doctor (<i>Kakarituke-i</i>) ay sariling family physician o personal doctor na maaring kuminsulta inyong kalusungan o maaring magpatingin kapag may sakit. mayroon din ng mga family doctors na puwedeng magpatingin kahit sa gabi o sa holidays, kaya mas sigurado at ligtas kapag may sariling family doctor) 	<ul style="list-style-type: none"> Hiroshima City Hospital (Internal department at iba) 17:00-8:30 ng kasunod na araw Funairi City Hospital Internal medicine 17:30-20:00 Pediatrics 17:30-8:30 ng kasunod na araw Hiroshima Medical Association Senda-machi Night-Time Emergency Medical Center (Internal medicine at ophthalmology) 19:30 -22:30 Asa Medical Association Kabe Nighttime Emergency Medical Center (internal medicine) 19:00-22:30
Sabado	<ul style="list-style-type: none"> Ang inyong family doctor Hiroshima City Hospital (Internal department at iba pa) 8:30-17:00 Funairi City Hospital (Pediatrics) 8:30-17:30 Aki City Hospital (Internal/External Medicine/ Pediatrics) 8:30-15:30 	<ul style="list-style-type: none"> Hiroshima City Hospital (Internal department at iba pa) 17:00-8:30 ng kasunod na araw Funairi City Hospital (Pediatrics) 17:30-8:30 ng kasunod na araw (department of otorhinolaryngology o ENT) 19:00-22:30 Aki City Hospital (Internal medicine o Surgery) 18:00-23:00 Hiroshima Medical Association, Senda-machi Night-Time Emergency Medical Center (Internal medicine, department of ophthalmology) 19:30 -22:30
Linggo	<ul style="list-style-type: none"> Zaitaku Toban Klinik (bawat departamento) (Nakasulat sa diyaryo sa araw ng pagkonsulta o homepage ng lungsod ng Hiroshima) 9:00-18:00 Hiroshima City Hospital (Internal medicine at iba pa) 8:30-17:00 Funairi City Hospital (Pediatrics) 8:30-17:30 Hiroshima Koku Health Center (Dental Clinic) 9:00-15:00 	<ul style="list-style-type: none"> Hiroshima City Hospital (Internal department at iba pa) 17:00-8:30 ng kasunod na araw Funairi City Hospital (Pediatrics) 17:30-8:30 ng kasunod na araw Asa City Hospital (Pediatrics) 18:00-22:00 Aki City Hospital (Internal medicine o Surgery) 18:00-23:00 Hiroshima Medical Association, Senda-machi Night-Time Emergency Medical Center (Internal department, department of ophthalmology) 19:30 -22:30 ASA Medical Association Kabe Nighttime Emergency Medical Center (internal medicine) 19:00-22:30
Holiday	Pareho kapag Linggo	<ul style="list-style-type: none"> Hiroshima City Hospital (Internal medicine at iba) 17:00-8:30 ng kasunod na araw Funairi City Hospital (Pediatrics) 17:30-8:30 Aki City Hospital (Internal medicine o Surgery) 18:00-23:00 Hiroshima Medical Association, Senda-machi Night-Time Emergency Medical Center (Internal medicine, department of ophthalmology) 19:30 -22:30

※Para sa 15 taong gulang pataas ang Internal Medicine sa Hiroshima City Medical Association Senda-machi Nighttime Emergency Medical Center, at Asa Medical Association Kabe Nighttime Emergency Medical Center

Hiroshima City Hospital
7-33 Moto-machi, Naka-ku Tel.: 082-221-2291 Fax: 082-223-5514

Funairi CityHospital
14-11 Hunairi-saiwai-cho Naka-ku Tel.: 082-232-6195 Fax:082-232-6156
Sarado ang otolaryngology kung ang Sabado ay natapat ng National holiday, August 6 at
December 29 at 30

Asa City Hospital
2-1-1 Minami Kabe Asakita-ku Tel.: 082-815-5211 Fax:082-814-1791
Sarado ang ospital ng Sabado, Linggo August 6, December 29-January 3

Aki City Hospital, na pinangangasiwaan ng Hiroshima Medical Association
2-14-1 Hataga Aki-ku Tel: 082-827-0121 Fax: 082-827-0561
Sarado ang ospital ng Miyerkules, Linggo national holidays, August 6, December 31-January 3

Hiroshima Medical Association, Senda-machi Night-Time Emergency Medical Center (Internal
department, department of ophthalmology)
3-8-6 Senda-machi Naka-ku Tel: 082-504-9990 Fax: 082-504-9991
Ang Center ay sarado ng December –January 3

Asa Medical Association Kabe Nighttime Emergency Medical Center
(interna medicine)
4-11-28 Kabe, Asakita-ku TEL: 082-814-9910 Fax:082-814-9909

Ang center ay sarado ng ingg, national holidays at December 29-January 3
Hiroshima Oral Health Center
3-2-4 Futabanosato Higashi-ku Tel.: 082-262-2672 Fax :082-262-2556
Ang center ay sarado ng weekdays at Sabado

2-3 Sa panahon ng aksidente sa daan at krimen

2-3-1 Sa panahon ng aksidente sa daan

Sa panahong maaksidente sa daan, kailangang unang bigyan ng pang-unang lunas ang may sugat. Sa panahong kinakailangan ang ambulansya tumawag sa 119 at tumawag sa pulisya sa 110

2-3-2 Sa panahon ng krimen

Kung naging biktima kayo ng isang krimen, tulad ng pagnanakaw o pambubugbog, ipaalam agad sa pulisya at tawagan ang 110.

Alamin lamang ninyo ang lugar at telepono ng Tanggapan ng Pulisya, istasyon ng pulisya sa inyong lugar.

2-3-3 Tungkol sa pagtawag sa 110

Kapag tatawag sa 110, kailangang ihanda ang sumusunod na detalye: Saan (pangalan ng kalapit na gusali, estasyon o anumang palatandaan o landmarks), ano ang nangyari, kung may mga taong sugatan, at ang inyong pangalan. Magsanay sa pagsagawa nito at ihanda ang sarili sa oras na kailanganin ang impormasyong ito sa wikang Hapon, kung magkaroon man ng kasong ganito. Kapag hindi ninyo magawang tumawag, ipagawa ito sa mga taong nasa paligid ninyo.

2-4 Kalamidad

2-4-1 Pag-iwas ng kalamidad

Simula Hunyo hanggang Oktubre ay panahon ng tag-ulan at bagyo sa Bansang Hapon, kaya may posibilidad na mabiktima ng malakas na ulan at bagyo.

Gayunmang sa panahon ngayon ay nakapagbibigay prediksyon ng parating na malakas na pagulan at pagbagyo, hindi madaling malaman ang lubusangkalakasan nito kaya maghanda para sa pagdating nito.

Ang bansang Hapon ay isa sa mga bansa sa buong mundo na madalas magkaroon ng lindol.

. Kaya ugaliing suriin ang kinaroroonan ng mga evacuation sites at ihanda ang mga bagay na kinakailangan sa panahon ng emerhensiya (tubig, emergency food supplies, iba pa), upang kumilos ng mahinahon sa ganitong sitwasyon.

2-4-2 Paghanda sa sa panahon ng malakas na ulan at bagyo

Biglaang pag-ulan sa isang konsentrado at maliit na lugar sa maikling panahon ,kailangang mag-ingat sa uri ng bagsak ng ulan na maaaring magkaroon ng panganib.

Sa panahon ngayon maaaring malalaman ito, pero ito ay konsentrado at biglaan pumapatak sa masikip na lugar kaya mag-ingat kayo sa ulan na ito.

Sa panahon ng tag-ulan at bagyo, makinig ng maayos sa balita ng panahon (tulad ng kung saan dadaan ang bagyo) dahil may posibilidad ng pag-apaw ng mga ilog patungo sa daan na sanhi ng pagbaha at pagkasira ng gusali dahil sa bagyo.

- (1) Maghanda ng plaslayt at radyo para sa panahon ng walang elektrisidad
- (2) Palaging manuod at makinig sa balita ng panahon sa telebisyon at radyo
- (3) Gawing matibay ang bintana at ayusin ang mga basag na salamin ng bintanaKapag may pinto para sa ulan ang inyong bahay, isara ninyo ito.
- (4) Ilagay sa loob ng bahay o idikit ang mga bagay na lilipad sa lakas ng hangin tulad ng paso at poste na ginagamit sa pagbilad ng mga kasuotan
- (5) Hanggat maaari huwag lalabas ng bahay
- (6) Sa mga lugar na madaling magbaha, ilipat sa matataas na lugar ang mga kasangkapan at iba pang gamit pangbahay.
- (7) Ihanda ang mga bagay na dadalhin sa panahon ng paglikas, tulad ng pagkain, tubig na maaring inumin, gamot at mahahalagang pag-aari o valuables.

Magtabi ng pagkain maiinom na tubig at iba pang kailangan sa na sapat sa pamilya sa loob ng tatlong araw kung halimbawang mawalan ng tubig at kuryente.

- (8) Alamin ang Evacuation Area ng inyong Ward Offices (sumangguni sa pahina 31) at himpilan ng bombero (sumangguni sa pahina 33) at iba pa bago damating ang bagyo at ulan.

2-4-3 Paghanda para sa lindol

Hindi natin alam kung kailan darating ang lindo.Para hindi magpanik at kumilos ng maayos sa pagdating ng lindol, kajiangang gawin ang mga sumusunod:

- (1) Makipagusap sa kasambahay tungkol sa Evacuation Area at mga paraan ng pagtawag sa isa't isa (tulad ng pagtawag sa 171, ang teleponong maaring tawagan at pagiwanan ng mensahe sa panahon ng kalamidad
- (2) Siguraduhing hindi matumba ang mga kagamitan sa bahay
- (3) Maghanda ng pagkain at iba pang bagay na kailangang dalhin sa panahon ng kalamidad. Maghanda ng sapat para sa pamilya sa loob ng tatlong araw, at itabi ang mga ito sa isang lugar na madaling maabot sa panahon ng pangangailangan, kasama ang mga mahahalagang bagay, radyo, plaslayt, at iba pa.
- (4) Siguruhin o suriin ang kondisyon sa pook o paligid ng inyong gusali.
- (5) Huwag maglalagay sa paligid ng kalan ng mga bagay na maaaring masunog.
- (6) Maghanda ng pampatay ng apoy tulad ng/fire extinguisher at basket atp (para pampatay ng apoy). Huwag lagyan ng tubig ang bath tab.
- (7) Alamin ang mga Evacuation Area ng inyong lugar at mga daan patungo nito.
- (8) Sumali sa mga pagsasanay sa pag-iingat sa sakuna (*jisyu-bousai-soshiki*) sa ijyong lugar.

2-4-4 Sa panahong may lindol

Sa panahong may lindol huwag magpanik at gawin ang mga sumusunod:

- (1) Magkubli sa ilalim ng mesa
- (2) Patayin ang anumang apoy hanggang humupa o tumigil na ang paglindol
- (3) Buksan ang pintuan upang magkaroon ng lagusan
- (4) Kaagad patayin kapag may apoy
- (5) Mag-ingat sa mga bubog sa loob ng bahay
- (6) Huwag magpanik at huwag tatalon sa labas
- (7) Huwag lumapit sa tarangkahan at pader
- (8) Tumawag sa malapit na kapitbahay
- (9) Makipagtulungan sa emergenseng tulong
- (10) Kumuha ng tamang impormasyon mula sa radyo o telebisyon.

2-4-5 Mga dapat tandaan sa paglikas

Sa panahon ng may pag-uutos ng paglikas galing sa Ward office, Pulisya, fire station at Independenteng Organisasyon para sa pag-iwas sa aksidente o kaya sa panahon ng pagkasira ng bahay o pagkasunog ng bahay at delikadong panahon, pumunta lamang sa Evacuation Area.

- (1) Bago pumunta sa ebakwasyong lugar, siguruhing patayin ang lahat ng source ng apoy (na sarado ang gas, at naka-off ang circuit breaker).
- (2) Huwag kalimutang dalhin ang sinulat na listahan ng Evacuation Area at ibang impormasyon nito
- (3) Magsuot ng kasuotang makakagkilos ng maayos at huwag kalimutang protektahan ang ulo
- (4) Magdala ng mga gamit na kakailanganinsa isang backpack o katulad na bag sa panahon ng paglikas.
- (5) Maglakad lamang patungo sa likas na lugar at magdala ng mga kinakailangang бага. Hindi kailangang magdala ng marami
- (6) Kung mapanganib ang pagpunta sa evacuation area, lumikas sa mataas na lugar sa matibay na gusali.
- (7) Iwasan ang masikip na daan, iwasang lumapit sa bakod ng bahay at sa ilog sa pagpunta sa evacuation area

2-4-6 Evacuation area

- (1) "*Kinrin-hinanbasho* (neighbourhood evacuation shelters)"-Sa panahon ng kalamidad, magtungo kaagad sa pook ng pagligsan katulad ng malawak at ligtas na lugar [pook pagligsan ng magkakapitbahay] (maaring magtungo sa kahit saang ligtas na pook malapit sa tahanan o pinapasukan katulad ng publikong plasa at malawak na lugar).
- (2) "*Seikatsu-Hinan-Basho* (bilang daily life evacuation shelters)"- Mga lugar na itinuturing na ligtas upang maging silong laban sa kalamidad o natural disasters, upang magbigay ng silong para sa mga taong nawalan ng bahay sanhi ng pagguho o pagkasunog nito. (Panlungsod na Mababang Paaralan at Panlungsod na Mataas na Paaralan, Bulwagang Pampubliko)

Mahalaga na tawagan agad ninyo ang ward office sa inyong Ward (makikita sa pahina 31), Fire Department (makikita sa pahina 33) at iba pa at alamin kung saan naroroon ang mga ito bago mangyari ang isang kalamidad o natural disaster. Hinihikayat din kayo na bisitahin ang mga evacuation shelters na ito upang mabigyan ng mga evacuation course at kauganay na mga paghahanda at alamin kung may mga lugar na maituturing na mapanganib.

2-4-7 **Medical at Emergency Card para sa mga dayhang mamamayan**

Para matulungan ang mga mamamayang dayuhan na hindi bihasa sa pag-Sasalita ng wikang Hapon sa panahon ng emergency at sakuna ang lungsod Ng Hiroshima ay namimigay ng Medical at Emergency Card sa kanya Kanyang wika
Para sa katanungan magtanong sa Karapatang Pantao Dibisyong pang Edukasyon TEL: 082-504-2165)

3 Mga Mahalagang Pamamaraan Para Sa Araw-araw na Pamumuhay

3-1 Bagong sistema para sa mga dayuhang naninirahan sa Japan (naging epektibo noong ika-9 ng Hulyo, 2012)

3-1-1 Residency Management System

Ang sakop ng bagong sistema ay ang mga dayuhang naninirahan sa Japan na nabigyan ng mid- to long-term resident status (ang mga binigyang pahintulot na manirahan sa Japan at manatili dito sa higit na tatlong (3) buwan). (Para sa mga may tangan ng Special Permanent Resident status, tingnan ang **3-1-2.**)

3-1-1-1 Paglathala ng (Issue of) Resident Card

- Makakatanggap ng Resident Card ang mga mid- to long-term residents sa oras na makakuha sila ng pahintulot kagaya ng Landing, Designated Activities, at Extension of period of stay (pagpapahaba ng panahon ng kanilang pananatili).
- Alinsunod sa paggamit ng bagong sistema, ang dating Alien Registration System ay napawalang bisa. Samantala, para sa mga may tangan na mid- to long-term resident status, ang Alien Registration Certificate ay mananatiling may bisa at ituturing na katumbas ng Resident Card para sa hinirang na panahon.

3-1-1-2 Ang Special Re-entry Permit System

Hindi na kailangan ng Re-entry Permit ng mga dayuhang residente na may valid passport at Resident Card kung sila ay paalis ng Japan at may planong bumalik sa Japan sa loob ng isang taon mula sa pag-alis niya para ipagpatuloy ang kaniyang Designated Activities.

3-1-1-3 Alituntunin tungkol sa ResidentStatus

(Sumangguni sa Regional Immigration Offices)

- **Kung magpapalit ng pangalan, nationality/region, at iba pang bagay**
Kung magpapalitang iyong apeliyido, nationality/region dahil sa kasal o magpapalit ng araw ng kapanganakan, kasarian at iba pa, kailangang ipagbigay-alam sa loob ng 14 na araw pagkatapos ng nasabing pagpapalit sa pamamagitan ng pagpapakita ng pasaporte, Resident Card, sariling larawan, at iba pang angkop na dokumento na magpapatunay sa pagbabago.
- **Kung ang Resident Card ay nawala o nasira at hindi na maaring gamitin**
Kung nawala, ninakaw o nasira at hindi na puwedeng gamitin ang Resident Card, kailangang humiling muli ng bagong Card.
- **Kung magbago ang Designated Activities o magwakas ang iyong period of stay**
Kung ang ResidentStatus o Designated Activities ay magbago o magwakas ang iyong panahon ng pananatili, kailangang humiling ng pagpalit ng iyong Designated Activities o Extension of Period of Stay sa pamamagitan ng pagsusumite ng iyong pasaporte, Resident Card, sariling larawan, at mga kinakailangang dokumento.
 - Hiroshima Regional Immigration Bureau
2-31 Kami-hacchobori, Naka-ku, Hiroshima City
Tel 082-221-4412 (General Affairs Division)
 - Para sa mga bagay na may kaugnayan sa tirahan/ lugar, sumangguni at humingi ng angkop na pamamaraan sa mga sangay na opisina sa inyong distrito o purok. (tignan sa pahina 31)

3-1-2 Ang sistema para sa Special Permanent Residents Status

Ang sistema para sa mga Special Permanent Residents Status ay naiiba sa Residency Management System.

3-1-2-1 Paglathala ng (Issue of) Special Permanent Resident Certificate

Ang Special Permanent Resident Certificate ay ibibigay sa mga espesyal na permanent residents.

- Habang ang dating Alien Registration System ay napawalang bisa, ang Alien Registration Certificate ay manatiling may bisa at ituturing na katumbas ng Special Permanent Resident Certificate para sa hinirang na haba ng panahon.
 - Ang hinirang na haba ng panahon ay naaayon sa susunod na panahon ng pagpapatibay ng dating Alien Registration o gulang magmula ng Hulyo 9.2015.
→ hanggang sa susunod na pagbabago
 - Special permanent residents na may 16 taong gulang o mas matanda na ang susunod nilang confirmation period ay pagkatapos ng tatlong taon mula
→ hanggang saika 16 na taon
- Ang special permanent resident certificate ay may saad ng personal na bagay tulad ng pangalan, birthday, tirahan, nasyonalidad, region at ang expiration date at ang litrato ng may pagaari ng certificate ay naka print sa certificate.

3-1-2-2 Special Re-entry Permit System

Hindi na kailangan ng Re-entry Permit ng mga special permanent resident na may pasaporte at Special Permanent Resident Certificate kung sila ay paalis ng Japan at may planong bumalik sa Japan sa loob ng dalawang taon mula sa pag-alis niya.

3-1-2-3 Alintuntunin para sa mga special permanent residents (sumangguni sa mga distrito o sangay na opisina)

- **Kung magpapalit ng pangalan, nationality/region, at iba pang bagay**
Kung magpapalitan ng iyong apelyido, nationality/region dahil sa kasal o maspapalit ng araw ng kapanganakan, kasarian at iba pa, kailangang ipagbigay-alam sa loob ng 14 na araw pagkatapos ng nasabing pagpapalit sa pamamagitan ng pagpapakita ng pasaporte, Resident Card, sariling larawan, at iba pang angkop na dokumento na magpapatunay sa pagbabago.
- **Kung ang iyong Special Permanent Resident Certificate ay magwakas**
Kung ang iyong Special Permanent Resident Certificate ay magwakas, kailangang humiling ng Extension ng iyong Certificate sa pamamagitan ng iyong pag-submit ng iyong pasaporte (kung meron), Special Permanent Resident Certificate, at sariling larawan bago ng expiration date.
- **Kung ang Special Permanent Resident Certificate ay mawala o nasira at hindi na maaring gamitin**
Kung ang Special Permanent Resident Certificate ay nawala, ninakaw o nasira at hindi na puwedeng gamitin, kailangang humiling muli ng ng bagong Certificate.
 - Para sa mga bagay na may kaugnayan sa inyong tirahan lugar, sumangguni at humingi ng angkop na pamamaraan sa mga sangay na opisina sa inyong distrito o purok. (tignan sa pahina 31)

3-1-3 Pagtatanong (Inquiry)

Para sa mas maraming detelye tungkol sa Residency Management System at sa System for Special Permanent Residents, maaring sumangguni sa Immigration Information Center.

- Immigration Information Center
Opening hours: Monday – Friday 8:30-17:15
Closed: Saturdays, Sundays, Holidays, and December 29 – January 3
TEL: 0570-013904
(mula sa IP phone, PHS o ibang bansa 03-5796-7112)

3-2 Pagpaparehistro bilang Maninirahan (Resident Registration)

3-2-1 Pamamaraan para sa pagpaparehistro bilang maninirahan

3-2-1-1 Kauna-unahang pagpaparehistro para sa mga mid- to long-term residents na bagong dating sa Japan.

- **Kung ang Resident Card ay natanggap noong pagdating sa Japan**

Dapat ay ipagbigay alam sa lokal na purok o sangay ng opisina (Ward office) na malapit sa iyong tirahan sa loob ng 14 na araw matapos makahanap ng bahay na tutuloyan. Ipakita ang Resident Card para sa mga gagawin nilang pamamaraan.

- **Sa pagpasok sa Japan, ang pasaporte ay makatanggap ng tatak (stamp) na nagsasabing ikaw ay mabibigyan ng Resident Card sa mga susunod na araw**

Kailangang ipag-alam mo sa lokal na purok o sangay ng opisina na malapit sa iyong tirahan sa loob ng 14 na araw matapos na ikaw ay nakahanap ng bahay na tutuloyan. Ipakita ang iyong pasaporte para sa mga gagawin nilang pamamaraan. (makikita sa pahina 31)

3-2-1-2 Pagbibigay alam ng pagpapalit ng tirahan

- **Kung lilipat ng tirahan mula Hiroshima City**

Kung lilipat mula sa Hiroshima City, kailangang mag-submit ng Notification of Moving-out sa dati mong purok o sangay ng opisina at makatanggap ng Moving-out Certificate. Pagkatapos ng paglipat, kailangang dalhin ang lahat ng Resident Cards o ang mga Special Permanent Resident Certificates ng buong sambayay (household) at ipakita ang Moving-out Certificate sa opisina ng bago mong tirahan sa loob ng 14 na araw.

- **Kung lilipat ng tirahan sa loob pa rin ng Hiroshima City**

Kung lilipat ng tirahan sa loob ng Hiroshima City, kailangang dalhin ang mga Resident Cards o Special Resident Certificates ng lahat ng miyembro ng iyong sambahay sa purok o sa sangay ng opisina para ipagbigay-alam sa kanila ang pagpapalit ng tirahan. (Sa kasong ito, kailangang pumunta sa dating o bagong purok o sangay na opisina.)

*Tandaan:

Kailangang siguraduhing dalhin lahat ng mga Resident Cards o Special Resident Certificates sa angkop na opisina ng pamahalaang lokal kung ipagbigay alam mo ang pagpapalit ng tirahan; kung hindi, ang pagpapatala ng bagong tirahan ay hindi puwedeng gawin at kakailanganing bumalik na naman sa opisina sa ibang araw.

3-2-1-3 Paglathala ng (Issue of) Certificate of Residence

- Ang sa mga mid- to long-term residents at special permanent residents na mayroon nang tirahan, ay makatanggap ng Certificate of Residence. (Hindi kasali rito ang mga short-term na bisita kagaya ng mga turista.) Ang Certificate of Residence ay ibibigay sa lahat ng mga tahanan, maging Hapon o banyaga man ang kasambahay, at ang Certificates para sa ibang pamamahay ay lahat itatala bilang Basic Resident Registration. Kaya lahat ng mga dayuhan ay puwedeng makakuha ng kopya ng kanilang Certificate of Residence.

Para makahingi ng Certificate of Residence, maaring makipagkita sa purok a sangay na opisina. (Puwede kang humingi sa alin mang opisina dito sa Hiroshima City. (makikita sa pahina31))

● **Abiso tungkol sa Individual Number (My Number)**

Ang individual number o My Number ay binubuo ng 12 numero nakalaan sa isang residente ng Lungsod ng Hiroshima ito ay ipapadala sa pinuno ng sambahay sa pamamagitan ng registered mail. Ang individual number ay kailangan sa mga bagay tungkol sa buwis, serbisyong pangkalusugan at hanapbuhay na insurance kaya dapat itong pagingatan

3-2-1-4 Paghiling ng Resident Registration Card

Ang mga residente ng lungsod ng Hiroshima na may hawak na sertipiko ng paninirahan (residence certificate) ay maaring humiling ng Resident Registration Card sa kani-kanilang opisina ng ward (ward office) at sa mga sangay na tanggapan, at para sa mga baguhan ito walang bayad.

Dalawang uri ng Resident Registration Card ang mapagpipilian: una, ang card na nakasulat ang buong pangalan, araw ng kapanganakan, sex at tirahan kasama ang isang larawan, o card na tanging buong pangalan lang ang nakasulat. (maaring humiling sa ibang opisina ng ward kung maipakita ang mga sumusuportang papeles.)

* Note: Kahit natapos na ang pag-issue ng resident registration card puwedeng gamitin ang resident card hanggang sa matapos ang panahon ng pag-issue nito. Pagnabigyan na ng my number card dapat isoli ang resident card.

3-2-1-5 Paghiling ng mga Sertipikong Elektroniko

Maaring humiling ng mga sertipikong elektroniko kapag mayroong sertipiko ng paninirahan (residence certificate) o Resident Registration Card. Magtungo sa opisina ng ward (ward office) ito ay walang bayad.. (Maaring humiling sa ibang ward office sa kondisyon na maipakita ang mga sumusuportang papeles.)

Maaring humiling sa pamamagitan ng Internet kung hawak ang mga sumusuportang papeles.

* Note : Kung Ang sertifikong elektroniko sa resident certificate card ay matatapos na hindi puwedeng ma-renew pero puwedeng gamitin hanggang expiration date.

3-2-2 Ipaalam ang rehistrasyon ng pamilya

Ang dayuhang residente ng bansang Hapon, ayon sa batas nito ay may obligasyong ipaalam ang panganganak at pagkamatay. Para sa kasal at diborsyo maaari ding ipaalam ito. (Ibat iba ang hakbang ng pag-aplay nito sa ibat ibang nasyonalidad kaya para sa detalyeng impormasyon tungkol nito pakikonsulta sa tanggapan ng mamayan ng inyong lugar o sa mga sangay na opinsina nito (makikita sa pahina31).

Sa pagkakataong ito, kinakailangan ring sumangguni sa Immigration Bureau para sa mga nararapat na proseso.

Bukod pa sa nabanggit na pagpapaalam o notification, may posibilidad na kakailanganin ninyong magsagawa o mag-file ng ilang notification sa sariling bansa. Tawagan ang embahada o consulate ng inyong bansa na nasa Japan bago isagawa ang anumang notification.

- Sa panahon ng panganganak
 - Abiso ng Panganganak
 - : Magbigay abiso sa Citizen Affairs Division ng tanggapan ng inyong ward o sangay nito, kung saan ipinanganak ang bata sa loob ng dalawang linggo mula pagsilang, kasama sa bilang ng araw ang petsa ng kapanganakan
 - Katayuan ng Paninirahan (Status of Residence): Hiroshima Regional Immigration Bureau (para sa hindi panandalian at para sa pangmatagalan na residente)
 - Aplikasyon para sa Special Permanent Resident: Citizen's Affairs Division sa tanggapan ng inyong ward o sangay nito
 - Ulat ng Panganganak: Health Services and Welfare Division ng Public Welfare Department sa tanggapan ng inyong ward o sangay nito
 - Aplikasyon para sa Sustento ng Bata (Child Allowance): Health Services and Welfare Division sa tanggapan ng inyong ward o sangay nito (maliban sa Ninoshima)
 - Aplikasyon para sa Tulong Pinansyal ukol sa gastusing medikal para sa sanggol, atbp: Health Services and Welfare Division sa tanggapan ng inyong ward o sangay nito
 - Pagsali sa Seguro ng Pambansang Kalusugan (National Health Insurance): National Insurance and Pension Division sa tanggapan ng inyong ward o branch office. Para lamang sa mga kasapi o plan holders.
- Sa panahon na mamatayan
 - Abiso ng Pagkamatay (Notice of Death)
 - : Magbigay abiso sa Citizen Affairs Division ng tanggapan ng inyong ward o sangay nito, kung saan nangyari ang pagpanaw, sa loob ng 7 araw matapos malaman ang pagkamatay.
 - Abiso ng Pagkamatay para sa Seguro ng Pambansang Kalusugan (National Health Insurance)
 - : National Insurance and Pension Division sa tanggapan ng inyong ward. Para lamang sa mga kasapi o plan holders.
 - Pagbabago sa Seguro sa Pangmatagalang Pangangalaga (Long-term Health Care Insurance): Longevity and Health Services Division sa tanggapan ng inyong ward. Para lamang sa mga kasapi o plan holders.
- Sa panahon ng Kasal
 - Abiso ng Pagpapakasal (Notice of Marriage): sa Citizen Affairs Division ng tanggapan ng inyong ward o sangay nito
 - Pagbabago sa Seguro ng Pambansang Kalusugan (National Health Insurance): National Insurance and Pension Division sa tanggapan ng inyong ward. Para lamang sa mga kasapi o plan holders.
 - Pagbabago sa Seguro sa Pangmatagalang Pangangalaga (Long-term Health Care Insurance): Longevity and Health Services Division sa tanggapan ng inyong ward, kung sakaling magbabago ang pangalan o tirahan ng miyembrong nakatala o plan holder.
- Sa panahon ng Diborsyo
 - Abiso ng Diborsyo (Notice of Divorce): sa Citizen Affairs Division ng tanggapan ng inyong ward o sangay nito
 - Pagbabago sa Seguro ng Pambansang Kalusugan (National Health Insurance): National Insurance and Pension Division sa tanggapan ng inyong ward o branch office. Para lamang sa mga kasapi o plan holders.
 - Pagbabago sa Seguro sa Pangmatagalang Pangangalaga (Long-term Health Care Insurance): Longevity and Health Services Division sa tanggapan ng inyong ward o branch office, kung sakaling magbabago ang pangalan o tirahan ng miyembrong nakatala o plan holder.

3-2-3 Rehistrasyon ng selyo/inkan

Sa bansang Hapon ginagamit tulad sa pirma ang [Inkan] na nakaukit ang inyong pangalan/apelyido. Ang nakarehistro na Inkan ay tinatawag na Jitsu In. Sa pamamagitan ng pagtatak ng selyo/inkan kasabay sertipikasyon ng rehistro nito, makompirma ayon sa batas ang ginagawa ng may-ari ng selyo.

Sa pagparehistro ng inkan, magsadya sa Citizen's Affairs Division sa tanggapan ng inyong ward o sangay nito at dalhin ang inyong inkan kasama ang inyong Patunay ng Paninirahan tulad ng Residence Card o Special Permanent Resident Certificate (pahina 31). May kasong hindi marerehistro ang inyong selyo kaya para sa mga katanungan nito komunsulta lamang sa tanggapan ng mamamaya ng inyong lugar o sa mga sangay na tanggapan nito.

3-3 Seguro ng kalusugan(Health Insurance)

3-3-1 Seguro ng Pambansang Kalusugan (National Health Insurance)

3-3-1-1 Katangian ng mga Maaring Maging Miyembro

Ang bansang Hapon ay mayroong sistema ng seguro (o insurance) na magagamit sa pagpapagamot sa panahon ng pagkakasakit o pagkakaroon ng kapansanan. Ang sinuman na makatutupad sa lahat ng mga katangian na nakasaad sa ibaba ay kinakailangang sumapi (maging miyembro) sa Seguro ng Pambansang Kalusugan sa Lungsod ng Hiroshima. Magsadya sa Dibisyon ng Seguro at Pensyon sa inyong distrito (Ward National Insurance and Pension Division) o sa sangay sa lugar ng inyong tinitirahan (Pahina 31).

(1)naninirahan sa Lungsod ng Hiroshima

(2)mayroong tamang bisa at may balak manirahan sa bansang Hapon ng mahigit sa tatlong buwan

(Hindi kabilang ang mga pansamantalang naninirahan sa ilalim ng katayuan na “Designated Activities” para magpagamot o humanap ng lunas ng kanilang karamdaman, pati na ang mga naparito sa ilalim rin ng katayuan na “Designated Activities” para mag-alaga sa mga kaanak nila dito.

(3)hindi kasapi ng seguro para sa pampublikong pagpapagamot sa pinagtatrabahuhan

(4)hindi kasapi ng seguro para sa Older Senior Citizen Healthcare System

(5)hindi tumatanggap ng Tulong sa Pamumuhay (livelihood protection)

(6)hindi tumatanggap ng pampublikong suportang pinansyal para sa mga naulilang Hapon sa bansang Tsina

3-3-1-2 Benepisyo at Sagutin

Ang mga kasapi o nakaseguro sa Pambansang Kalusugan sa Lungsod ng Hiroshima ay makatatanggap ng health insurance card (o Hokensho). Ipakikita ang card na ito sa panahon ng pagkokonsulta o pagpapagamot sa ospital o klinika. Ang pasanin ng nakasegurong nagpagamot ay 30% ng gastusing medikal (20% para sa mga sanggol na hindi pa pumapasok sa paaralan para sa sapilitang edukasyon, 20% para sa taong 70 taong gulang pataas (10% para sa mga ipinanganak hanggang Abril 1, 1944, ngunit 30% para sa taong may kitang nasa takdang halaga o higit pa)) na bahaging pasanin, gastusin sa pagkain habang nagpapaospital at iba pa.

May benepisyo ring matatanggap ang kasapi o nakaseguro sa panahon ng panganganak o kamatayan. Ang aplikasyon para sa pagbabayad ay tinatanggap sa Dibisyon ng Seguro at Pensyon sa inyong distrito (Ward National Insurance and Pension Division) o sa sangay sa lugar ng inyong tinitirahan (Pahina 31) kung saan maaring magtanong para sa karagdagang detalye.

3-3-1-3 Hulog sa Seguro (Insurance Premium)

Ang tumatayong puno ng pamilya (head of the household) ay kinakailangang magbayad ng hulog sa seguro ng bawat miyembro ng sambahay/pamilyang kasapi ng seguro. Ang halaga ng bayad sa seguro ay batay sa sambahayan bilang unit at ito ang kabuuang halaga ng parehong porsyento para sa lahat, pantay-pantay na porsyentong kinakalkula ayon sa bilang ng tao sa sambahayan, at porsyento sa kita na kinakalkula ayon sa halaga ng kita ng sambahayang iyon sa loob ng nakaraang taon.

3-3-2 Planong Seguro Medikal (Medical Insurance Plan) para sa matatanda (*Kōki Kōreisha*)

3-3-2-1 Mga karapat-dapat para sa planong ito

Dito sa Japan, may Planong Seguro Medikal upang madali para sa mamamayan ang mabigyan ng gamot o panglapat lunas sakaling sila'y magkasakit o masugatan. Ang mga taong karapat-dapat para sa planong ito ay kailangan nilang matugonan ang mga sumusunod

(1)Mga taong edad 75 pataas.

(2)Sa mga edad 65 hanggang 74, napatunayan na sila'y may kapansanan sa nakatakdang antas– magtanong lang po ang pamamaraan para sa pagpapatibay ng pagkakaroon ng kapansanan sa Long Life Office (*Kenko Chojyu Ka*, tignan sa pahina 32) sa pook ninyo o sa sangay nito (tignan sa pahina 31).

Samantala, ang mga sumusunod ay hindi kalipikado sa nabanggit na plano:

- (1) Hindi nakasaad ang Lungsod ng Hiroshima sa kanilang rehistro bilang dayuhang mamamayan
- (2) May permisong manirahan sa bansang Hapon ng hanggang tatlong buwan lamang (liban sa mga taong may balak manirahan dito ng mahigit pa sa tatlong buwan)
- (3) Tumatanggap ng Tulong sa Pamumuhay (livelihood protection)
- (4) Tumatanggap ng suporta pinansyal para sa mga naulilang Hapon sa bansang Tsina

3-3-2-2 Benepisyo Mula sa Seguro

Ang Katunayan ng pagkaseguro (Certificate of Insured Person) ay ibibigay sa mga taong makatugon sa mga kinakailangan. Ipakita lamang ang nasabing katunayan (certificate) kung ikaw ay gagamutin sa mga pagamutan o klinika. Ang mga taong may hawak na katunayan ay magbabayad ng 10% lang ng kabuoan ng kanilang bayaran (sa mga kumikita ng mas mataas sa nakatakdang antas naman ay magbayad ng 30%). Samantala, sila ay kinakailangang magbayad ng kanilang pagkain habang nasa pagamutan. Dagdag pa dito, kapag ang taong may hawak na katunayan ay mamatay, mapagkalooban siya ng ayudang pamburol (death assistance). Ibigay ang aplikasion para sa death benefit sa Long Life Office (Kenko Chojyu Ka, tignan sa pahina 32) sa tinirahan niyang pook o sa sangay nito (tignan sa pahina 31) Magtanong ng karagdagang kaalaman sa Long Life Office o sa sangay nito.

3-3-2-3 Mga babayaran para sa Seguro.

Ang mga taong nabigyan ng katunayan ng pagkaseguro ay kinakailangang magbayad ng premium. Ang halaga ng bayaran ay ang kabuoan ng babayaran ng bawat may hawak na seguro base sa kanilang kinikita, bayaran alinsunod sa dami ng kinikita ng bawat makikinabang.

3-3-3 Tulong sa gastusing medikal

Ang mga kasapi o nakaseguro sa Seguro ng Pambansang Kalusugan ay maaring makatanggap ng tulong pinansyal para sa buo o bahagi ng kanilang sariling sagutin (o parteng kailangang bayaran) sa panahon ng pagkokonsulta o pagpapagamot, kung sila ay napapaloob sa kahit alin sa mga sumusunod na kategoriya. (Pahina 32)

- Magulang o taga-pamahala ng kabataan hanggang ika-tatlong baiting ng haiskul (hanggang March 1 kasunod ng ika-labinlimang taong kapanganakan ng bata)
- Single Parent (nag-iisang magulang) o nag-iisang tumatayong magulang/nangangalaga (guardian) ng bata (hanggang sa ika-31 ng Marso matapos maging 18 taong gulang ang bata)
- Taong mayroong malubhang mental at pisikal na kapansanan o taong may kapansanan sa pag-iisip

3-4 Seguro para sa Pangmatagalang Pangangalaga (Long-term Care Insurance)

3-4-1 Katangian ng mga Maaring Maging Miyembro

Ang mga nangangailangan ng pangangalaga at pang araw-araw na tulong ng dahil sa sakit gaya ng palagiang pagkaratay sa highaan, o pagka-ulyanin ay maaring gumamit ng sistema ng seguro para sa pangmatagalang pangangalaga sa Lungsod ng Hiroshima. Kinakailangan na makatutupad sa lahat ng mga katangian na nakasaad sa ibaba upang maging kasapi sa nasabing seguro.

(1) naninirahan sa Lungsod ng Hiroshima

(2) mayroong tamang bisa at may balak manirahan sa bansang Hapon ng higit sa tatlong buwan

(Subalit sa mga taong may dahilan “Designated Activities “ ang visa na dala-dala tulad ng pagpapagamot o ang mag-alaga sa taong nabanggit ay hindi kasali at sa dahilan mamamasyal o maglilibot sa Japan kasama na ang kabyak na pareho ang dahilan ay hindi rin kasali)

(3) 40 taong gulang pataas

Subalit kailangang kasapi sa pampublikong segurong medikal ng bansang Hapon ang mga 40 taong gulang hanggang wala pang 64 taong gulang.

Ang mga 65 taong gulang pataas ay padadalhan ng sertipiko ng taong nakaseguro.

3-4-2 Katibayan ng Pangangailangan ng Pangmatagalang Pangangalaga

Para makatanggap ng pangmatagalang pangangalaga, kinakailangan munang magpatala at makatanggap ng Katibayan (certification) ng pangangailangan ng pangmatagalang pangangalaga. Magtungo sa Dibisyon ng Kahabaangbuhay at Serbisyong Pangkalusugan sa inyong distrito (Ward Longevity and Health Services Division) (Pahina 32) o sa sangay sa lugar ng inyong tinitirahan (Pahina 31).

3-4-3 Ukol sa paggamit ng serbisyo

Ang mga nakatanggap ng Katibayan ng Pangangailangan ng Pangmatagalang Pangangalaga ay maaring gumamit ng serbisyo. Gayunpaman, mayroong limitasyon sa maaring matanggap na serbisyo ang mga may tangan ng Katibayan ng Pangangailangan ng Pangmatagalang Tulong. Para sa mga serbisyong matatanggap, kinakailangang magbayad ng 10% ng halaga ng serbisyo na sakop ng seguro. Mula Agosto 2015 (Heisei 27), magiging 20% ang pasanin ng taong gagamit kung may kitang nasa takdang halaga o higit pa rito.

Karagdagan dito ang Pag-iwas at Pangmatagalang Pangangalaga sa pang araw-araw na Programa ng Tulong Pangkabuhayanay nagsimula nuong Abril 2017. Sa programang ito ang mga taong hindi nakatanggap ng sertipiko ng pangmatagalang pangangalaga subalit nagpakita ng pangangailangan ay maaaring gumamit ng serbisyo at pasilidad. Kontakin ang dibisyon ng Serbisyo sa pangkalusugan at mahabang buhay sa inyong ward opis (tignan ang pahina 32) o sa inyong lokal na komunidad ng comprehensive support center (tignan sa pahina 35) para sa dagdag na impormasyon.

3-4-4 Hulog sa Seguro (Insurance Premium)

Ang kasapi o nakaseguro ay kinakailangang magbayad ng hulog sa seguro. Para sa may edad 65 taong gulang pataas, ang hulog ay nakabatay sa kinikita ng nakaseguro noong nakaraang taon, at sa ibinayad sa buwis sa paninirahan ng munisipyo (municipal residential tax) ng nakaseguro at ng lahat ng miyembro ng kanyang sambahay. Para sa mga miyembro na may edad na mahigit 40 taong gulang at hindi hihigit sa 65, ang hulog ay kukuwentahin bilang bahagi ng kanilang hulog para sa segurong pangmedikal kung saan sila rin ay kasapi.

3-5 Pensyon

3-5-1 Katangian ng mga Maaring Maging Miyembro

Ang mga nakapagrehistro na bilang dayuhan (Basic Resident Register) at may edad na higit pa sa 20 taong gulang ngunit hindi hihigit pa sa 60 taong gulang ay kanariwang kinakailangang maging miyembro ng programa ng pambublikong pensyon (Public Pension). Ang mga empleyadong namamasukan sa kompanyang hindi sakop ng Programa ng Pambublikong Pensyon ay dapat na sumapi sa Pensyon Para sa Empleyado (Employees Pension Insurance), at ang mga kawani ng gobyerno ay dapat naman na sumapi sa Samahan Para sa Damayan (Mutual Aid Association). Ang lahat na hindi nabibilang sa mga nabanggit ay kinakailangang sumapi sa Pambansang Pensyon (National Pension Plan) at magsadya sa Dibisyon ng Seguro at Pensyon sa inyong distrito o sa alinmang sangay (pahina 31). (Subalit, ang mga asawa na binibigyan ng suporta ng miyembro ng Pensyon Para sa Empleyado o Mutual Aid Association ay kinakailangang ilagay sa ayos ang mga dokumento ayon dito sa tanggapan ng pensyon sa kompanyang pinapasukan ng asawa o sa Mutual Aid Association.)

3-5-2 Benepisyo at Sagutin

Kasali sa mga benepisyo ang pensyon para sa matatanda (basic pension), pati rin ang sustento para sa mga may karamdaman/kapansanan, at sustento para sa mga naiwan na pamilya ng miyembro na namatay. Ang pensyon para sa matatanda ay ibinibigay sa mga may edad na 65 taong gulang pataas na naging kasapi ng programa nang hindi kukulang sa 25 taon. Ang mga dayuhan na nakapaghulog sa programa ng pensyon nang hindi kukulang sa 6 na buwan ngunit hindi pa maaring makatanggap ng pensyon ay maaaring humingi ng lump-sum withdrawal payment (pagtanggap ng isang beses lamang ng kabayaran galing sa programa ng pensyon) pagkaalis nila ng bansang Hapon.

3-5-3 Lump-sum Withdrawal Payment

Ang lump-sum withdrawal payment ay maaring matanggap ng sinuman na tumigil na maging miyembro ng Pambansang Pensyon. Ibibigay ang withdrawal payments sa sinuman na makatutupad sa lahat ng mga katangian na nakasaad sa ibaba, at nakapagsumite ng aplikasyon para dito sa loob ng 2 taon mula sa paglabas ng bansang Hapon.

* Mga Kondisyon

- Hindi Japanese citizen
- Dapat nakapaghulog sa Pambansang Pensyon ng hindi kukulangin sa 6 na buwan
- Walang address sa Japan
- Hindi tumatanggap ng pensyon galing sa Japan kabilang ang allowance para sa mga may Kapansanan

*Halaga ng Lump-sum payment

Ang halaga ay nakabatay sa haba ng panahon na nakapagbayad ng hulog sa Pambansang Pensyon.

*Paraan ng Pagkuha ng Lump-sum withdrawal payment

Paglisan ng bansang Hapon, mag-sumite ng "Requisition for Lump-Sum Withdrwal Payment" kasama ang Pension Book at kopya ng passport (mga pahina na nagpapakita ng petsa na paglisan ng bansang Hapon, iyong pangalan, at petsa ng iyong kapanganakan) at dokumento na nagpapakita ng iyong pangalan at bank account.

*Ipadala sa:

Japan Pension Service Telepono 0570-05-1165 (domestic calls)
+81-3-6700-1165 (international calls)

3-5-4 Hulog para sa Pambansang Pensyon (National Pension Plan Premium)

Ang lahat ng kasapi sa Pambansang Pensyon ay kinakailangang magbayad ng hulog sa pensyon. Ang hulog ay kailangang bayaran base sa pirmihang halaga (rate). Bukod dito, ngunit para lamang sa magnanais, ay maari ring magbigay ng karagdagang hulog (additional premium) na base rin sa pirmihang halaga (uniform rate).

Maaring magsumite ng aplikasyon para humingi ng pahintulot na hindi magbayad ng hulog (exemption) ang sinuman na nahihirapan maghulog sanhi ng problemang pinansyal o katulad.

3-6 Iba pa

3-6-1 Allowance para sa pag-aalaga ng bata

Binibigyan ng sustento ang mga tagapagalaga (guardians) ng bata mula 0 taong gulang hanggang ikatlong baitang ng junior high school (hanggang sa ika-31 ng Marso matapos maging 15 taong gulang ang bata). Kinakailangan magsumite ng aplikasyon para sa sustentong ito. Ang mga lumipat sa Lungsod ng Hiroshima na nakatanggap na ng sustentong ito sa pinanggalingang lugar ay kinakailangang muling magsumite ng aplikasyon.

Sumangguni sa Health Services and Welfare Division ng Public Welfare Department ng tanggapan nginyong ward (makikita sa pahina 32) para sa karagdagang detalye.

* Maaring mabago ang mga nilalaman nang walang abiso.

3-6-2 Proteksyon o suporta ng pamumuhay

Tumutulong ang lungsod ng Hiroshima sa mga pamamahay na naghihirap sa kanilang pamumuhay, pamamahay na nangangailangan ng suporta, ga pamamahay na nagkasugat o nagkasakit na kinakailangan ng bayad nito. At tumutulong din ang lungsod ng Hiroshima para maging independente sa kanilang pamumuhay.

Anumang mga impormasyon o mga katanungan tungkol sa welfare ay maaring isangguni sa mga tanggapan ng Welfare Department sa bawat ward office (sumangguni sa p.32) pagkatapos maipakita ang Resident Registration Card o Permanent Residence Certificate.

3-6-3 Pagrehistro at bakuna ng Alagang Aso

Ang may alagang aso na lampas sa 91 araw ay kailangang iparehistro at pabakuna Laban sa rabies taon-taon.

Pa-rehistro ng aso

Ang rehistro ng aso ay tinatanggap sa animal care center o kahit saang pribadong Beterinaryong klinika. Bibigyan ng license tag pagkatapos ng rehistro.

Ang may-ari ng aso ay kailangang ireport sa animal care center sa mga ganitong Pangyayari kung nagpalit ng may-ari, nagbago ng address ang may-ari, pag namatay Ang aso o pag nakakagat ang aso ng tao.

Bakuna sa Rabies

Magpabakuna sa rabies sa mga grupong pagbakuna sa Hiroshima city na ginagawa Sa buwan ng Abril o Mayo taon-taon o kahit saang pribadong beterinaryong klinika Kapag nabakunahan ang inyong aso ay makakatanggap ng sertipiko ng bakuna.

